Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-08 NG HUNYO, 2021 SA GANAP NA IKA-09:37 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ----------------*Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- Pangulo-LNB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ---------------- Pangulo-PSK |

**KAPASIYAHANG BLG. 40 T. 2021**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA NATIONAL POWER CORPORATION (NPC) SA PAMAMAGITAN NI PRESIDENT/ CEO, ENGR. PIO J. BENAVIDEZ NA MAGAMIT ANG TATLONG LIBONG (3,000) METRO KUWADRADONG SUKAT NG LUPA SA RECLAMATION AREA NG BARANGAY LEWIN UPANG GAWING PANSAMANTALANG GARAHE NG MGA JEEPNEY NA BUMIBIYAHE SA RUTANG LUMBAN-STA. CRUZ VICE VERSA**

**Akda ni KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR.**
Tagapangulo ng Lupon ng Transportasyon

**SAPAGKAT**, ang samahan ng Sta. Cruz-Lumban Operators and Drivers Transport Service Multi-Purpose Cooperative (SLODTS-MPC) ay walang sapat na pondo upang mkabili ng lupang kanilang gagawin permanenteng paradahan o himpilan ng kanilang mga jeep at ang kanilang pamilya ay umaasa lamang sa karampot na kinikita nila mula sa pamamasada;

**SAPAGKAT**, kung mapagkakalooban o mapahiram ng National Power Corporation (NPC) ang samahang ng Sta. Cruz-Lumban Operators and Drivers Transport Service Multi-Purpose Cooperative (SLODTS-MPC) ng tatlong libong (3,000) metro kuwadradong lupa ay maaaring mabigyan sila ng Pamahalaang Nasyonal ng modernong jeep;

**SAPAGKAT,** ang malawak, maganda at malinis na paradahan ay isa sa mga requirements ng Pamahalaang Nasyonal upang mapagkalooban sila ng mga modernong jeep;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Bayan ng Lumban kasama ang samahan ng Sta. Cruz-Lumban Operators and Drivers Transport Service Multi-Purpose Cooperative (SLODTS-MPC) na ang pamunuan ng National Power Corporation (NPC) ay may ginintuang puso na pagkakalooban sa makabuluhang kahilingan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. na pinangalawahan nina Kgg. Rose Ann R. Añonuevo, Kgg. Orlando R. De Luna, Kgg. John Albert Rana at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan humihiling sa National Power Corporation (NPC) sa pamamagitan ni President/ CEO, Engr. Pio J. Benavidez na magamit ang tatlong libong (3,000) metro kuwadradong sukat ng lupa sa reclamation area ng Barangay Lewin upang gawing pansamantalang garahe ng mga jeepney na bumibiyahe sa rutang Lumban-Sta. Cruz Vice Versa.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang mga tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayon ika- 08 ng Hunyo, 2021.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt060821res40*